

MAPPING COMMEMORATIVE CULTURES, BEST PRACTICES AND LESSONS LEARNED

CASE STUDY: The Philippines

AUTHOR: ALTERNATIVE LAW GROUPS

Sa kabila ng mahabang kasaysayan ng tila walang katapusang sikulo ng mga conflicts–pagresolba–at mga dagdag na conflicts, sa kasamaang palad, ang Pilipinas ay walang mahusay na kultura sa paggunita o commemoration. Para tumungo sa magandang kinabukasan ang isang bansa, kinakailangan nitong tugunan ang mga pagkakamali ng nakaraan, dahil kung hindi ay maaaring lumitaw ito muli sa hinaharap, katulad ng nangyari sa Pilipinas.

Titingnan natin ang dalawang mahalagang punto sa kasaysayan ng Pilipinas: 1) ang Martial Law o Batas Militar noong panahon ni Marcos, at; 2) ang 1986 People Power Revolution. Dahil bigo ang gobyerno na magsagawa ng sapat na pagsisikap upang habulin ang mga Marcoses at ang kanilang mga kroni, ang mga pakana at manipulasyong pampolitika ng mga Marcoses at kanilang mga kaalyado, dagdag pa na may panandaliang "amnesia" at pangkalahatang likas na mapagpatawad na publikong Pilipino, at ang paglunsad ng isang malawakang disinformation campaign ng kampo ng mga Marcos-Duterte, ang mga Marcos ay nakabalik na ngayon sa kapangyarihan, at ang anak at kapangalan ng diktador (si Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr.) ay nahalal bilang ika-17th na pangulo ng Pilipinas.

1. Background

BATAS MILITAR SA PANAHOON NI MARCOS.

Sa dulo ng kanyang unang termino bilang pangulo, iniutos ni Pangulong Ferdinand Marcos ang pagpapatupad ng "Oplan Merdeka," na inilunsad upang makuha ang isla ng Sabah mula sa Malaysia gamit ang isang grupo ng mga

Tausug at Sama Muslims mula sa Sulu na bahagi ng isang espesyal na unit na tinawag na “Jabidah.” Palihim silang nagsanay sa isla ng Corregidor at pinangakuan ng pagpasok sa Armed Forces of the Philippines (AFP) para sa kanilang serbisyo. Ngunit habang nagkakagulo na ang operasyon, pinatay ang mga sundalo, at ang kanilang mga katawan ay sinunog at itinaon sa Manila Bay¹. Ang “Jabidah Massacre” ay lalong pinainit ang Muslim separatist movement sa bansa, na isa sa mga sinasabing dahilan na ginamit ni Marcos upang bigyang-katwiran ang pagpataw ng batas militar². Sa kabila nito at iba pang mga kontrobersya, muling nahalal si Marcos sa pangalawang termino niya bilang pangulo (1969 elections). Ang kanyang inagurasyon ay humantong sa maraming protesta, kabilang na ang “First Quarter Storm,”³ kung saan ang mga estudyante mula sa Unibersidad ng Pilipinas ay nagbarikada sa loob ng unibersidad at naglunsad ng mga kilos-protesta laban sa gobyerno noong unang quarter ng 1970. Nagdulot ito ng mga marahas na dispersal, pag-atake, pag-aresto, at ang pagkamatay ng 4 na nagprotesta. Ang isa pang kaganapan na ginamit upang bigyang-katwiran ang deklarasyon ng batas militar ay ang Plaza Miranda Bombing (Agosto 21, 1971), na habang may “miting de avance” sa Plaza Miranda, dalawang hand grenade ang itinaon sa entablado, na ikinamatay ng siyam na tao at nasugatan ang isang daang katao pa.⁴

Sinabi ni Marcos na ang batas militar ang huling linya ng depensa ng bansa laban sa lumalalang kaguluhan dulot ng mga mararahas na demonstrasyon ng mga estudyante, ang banta ng communist insurgency ng New People’s Army–Communist Party of the Philippines–National Democratic Front (CPP- NPA-NDF), ang Muslim separatist movement na pinamumunuan ng Moro National Liberation Front (MNLF), at ang patuloy na karahasan sa Mindanao. Isa sa mga unang utos ni Marcos matapos magdeklara ng martial law ay ang pagpapataw ng news blackout at ang agarang takeover ng gobyerno sa iba’t ibang news agencies katulad ng ABS-CBN, Channel 5, at iba pang mga print at radio stations.⁵ Ang tanging mga media outlets na pinayagang makapag-operate ay yung mga pag-aari ng mga kroni ni Marcos, na puro magaganda ang sinasabi tungkol sa administrasyon, habang sini-censor ang mga pang-aabuso.⁶ Ang iba’t ibang kathang-isip na balita ay inilathala ng kontroladong media ng gobyerno, na nagsilbi upang bigyang-katwiran ang pagpataw ng batas militar. Ang gobyerno at ang mga pwersang pulis at militar ay malayang naghari-harian sa panahong ito. Nangamba naman ang mga oposisyon na matawag silang rebeldeng komunista o sympathizer dahil kapag sila ay naaresto, halos tiyak na sila ay sasailalim sa tortyur.⁷ Maraming desaparecido sa panahong ito, lalo na sa mga kabataang aktibista.⁸

ANG 1986 EDSA PEOPLE POWER REVOLUTION.

Sa gitna ng lumalalang krisis pang-ekonomiya, nagtawag si Ferdinand Marcos ng “snap elections” noong Nobyembre 1985. Dahil sa nagdadagsaang kritisismo mula sa mga lokal at internasyonal na mga institusyon, nagpasya si Marcos na magdaos ng isang “malayang” halalan upang patunayan ang kanyang patuloy na mandato na pamunuan ang mga Pilipino.⁹ Sa panahong iyon ay inihayag

THE GLOBAL INITIATIVE FOR JUSTICE, TRUTH, AND RECONCILIATION

In 2014, the International Coalition of Sites of Conscience (ICSC) launched the Global Initiative for Justice, Truth & Reconciliation (GIJTR), a consortium of nine international organizations focused on offering holistic, integrative, and multidisciplinary approaches to issues of truth, justice, and reconciliation. GIJTR works primarily with local populations, civil society organizations, survivors, and governments to develop transitional justice approaches that are victim-centered and collaborative and support dignity, respect, inclusion, and transparency in societies emerging from conflict or periods of authoritarian rule. Since its founding, GIJTR has engaged with people from 72 countries, worked with 681 civil society organizations, conducted 323 community-driven projects, and documented more than 5,040 human rights violations.

For more information, please visit gijtr.org.



GIJTR

Global Initiative for Justice
Truth & Reconciliation

ni Corazon Aquino (balo ni Ninoy Aquino) ang kanyang kandidatura para sa pagkapangulo, ngunit inaasahan ni Marcos na dominahin niya ang snap elections.¹⁰ Pero sariwa pa rin sa alaala ng mga tao ang mga kalupitan sa ilalim ng batas militar. Maraming kalat-kalat na kilos-protesta ang idinaos sa pagitan ng 1983 (nang pinaslang si Ninoy Aquino) hanggang 1986 nang maganap ang aktwal na EDSA People Power Revolution. Marami ang nagsasabing ang pagpatay kay Ninoy Aquino ang naging mitsa sa People Power Revolution.¹¹ Bagama't marami nang kilos-protesta ang nangyayari bago pa man ang snap elections, ang pagpatay kay Ninoy ang nagpatindi ng galit ng sambayanan. Si Ninoy ay isang tahasang Marcos na oposisionista, na sinasabi ng marami ay ang pinakamalapit na pampulitikang karibal na mayroon si Marcos.

Sa gitna ng kaguluhan, idineklara si Marcos bilang nanalo sa snap elections. Ang maraming ulat ng malawakang pandaraya, pananakot, at vote-buying ay binalewala ng COMELEC (Commission on Elections). Sa kabilang banda, ipinakita naman ng National Citizen's Movement for Free Elections (NAMFREL), isang citizen-led election monitoring watchdog, na si Cory Aquino ang nanalo. Kasabay nito, ang Gobernador ng Lalawigan ng Antique (isang tagasuporta ni Cory Aquino) ay pinaslang diumano ng mga bodyguard ng isang lokal na pinuno ng KBL (Kilusang Bagong Lipunan, isang right-wing political party na sumusuporta kay Marcos) sa harap ng kapitolyo ng probinsiya kung saan ginanap ang local canvassing. Kinuwestiyon ng mga tao ang mga resulta ng halalan, sa paniniwalang ito ay puno ng pandaraya. Tatlumpu't limang computer workers sa national COMELEC tabulation center ang nag walk-out sa aktwal na national canvassing na ipinapalabas sa live TV, na nagpoprotesta sa malawakang pakikialam at pandaraya sa mga resulta ng halalan. Nag-walk out din ang mga assemblymen na oposisyon bilang protesta sa parehong isyu.

2. Background na naglalarawan sa mga mahahalagang petsa o kaganapang ginugunita

BATAS MILITAR.

Noong Setyembre 23, 1972, alas-7:17 ng gabi, idineklara ni Ferdinand Marcos na ang buong bansa ay isinailalim sa Batas Militar sa bisa ng Proclamation No. 1081.¹² Ito ang simula ng dagdag na 14-taong "one-man rule" ni Marcos na tatagal hanggang sa mapatalsik si Marcos noong Pebrero 25, 1986. Sa pagdeklara ng martial law, sinuspinde ni Marcos ang writ of habeas corpus at ang 1935 Constitution, binuwag ang Kongreso at pinadlock ang Batasang Pambansa (pambansang kapulungan), habang binigyan niya ang kaniyang sarili ng kapangyarihang lehislatibo at ehekutibo. Ang Setyembre 23 ay ginugunita bilang anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar, kung saan maraming kalupitan at paglabag sa karapatang pantao ang nangyari, at napakaraming pang-aabuso pa ang hindi na natuklasan.¹³

PEOPLE POWER REVOLUTION

Ang 1986 EDSA People Power Revolution ang nagtulak sa libu-libong Pilipino mula sa iba't ibang antas ng kabuhayan na magdemonstrasyon sa kahabaan ng Epifanio de los Santos Avenue (EDSA), ang pangunahing highway ng Metro Manila, upang ipanawagan ang pagwawakas sa diktadurang Marcos. Ang mga kaganapan noong Pebrero 25, 1986 ang nagpabago sa takbo ng kasaysayan ng ating bansa, na nagpakita ng mithiin ng sambayanang Pilipino sa kapayapaan at demokrasya. Sa paglipas ng mga taon, patuloy nating inaalala ang napakahalagang okasyong ito sa pamamagitan ng pagpupugay sa mga sakripisyo ng mga lumaban sa diktadura. Sa

bisa ng Proclamation No. 1071, s. 2015 ni Pangulong Corazon Aquino, ang Pebrero 25 ay naging isang espesyal na non-working holiday sa buong bansa upang gunitain ang kilusan na nagpanumbalik sa ating demokratikong institusyon at nagpasimula ng mga repormang pampolitika, panlipunan at pang-ekonomiya sa bansa. Ang People Power Revolution ay isang kaganapan na nangyari kasama ang iba't ibang pangunahing manlalaro upang maging posible ang "bloodless revolution" na ito.¹⁴

Noong 15 Pebrero 1986, idineklara si Ferdinand Marcos bilang nanalo sa snap elections. Noong sumunod na araw, si Cory Aquino, kasama ang dalawang milyong katao, ay nagpulong sa Luneta Park para manawagan ng civil disobedience para bumaba si Marcos sa pwesto. Nanawagan din siya ng boycott sa lahat ng negosyong pag-aari ng mga kroni ni Marcos.¹⁵

Noong Pebrero 22, 1986, dalawang importanteng pangyayari ang naganap: una ay ang opisyal na pagbawi nina Juan Ponce Enrile (Defense Minister) at General Fidel Ramos (AFP Chief of Staff) ng kanilang suporta sa administrasyong Marcos. Ang pangalawa ay nanawagan si Cardinal Sin sa taumbayan na suportahan sina Enrile at Ramos. Nagsagawa ng press conference sina Enrile at Ramos upang ideklara ang kanilang pag-urong ng suporta kay Marcos, kung saan pareho silang umamin ng malawakang pandaraya sa snap elections. Nang malaman ni Marcos ang mga ito, hiniling niya kina Enrile at Ramos na sumuko sila upang makapag-negosasyon. Kinagabihan, inutusan si General Fidel Singson (Chief ng Intelligence Service ng AFP), na sirain ang Radio Veritas, ang radio station na nagbo-broadcast ng mga mensahe ni Cardinal Sin. Pero bago pa mangyari iyon, nanawagan na si Cardinal Sin muli para himukin ang mga tao na pumunta sa EDSA para suportahan at protektahan sina Enrile at Ramos. Ang mga madre at seminarista ay kabilang sa mga unang dumating, na nagbuo ng isang "human barricade" sa mga gates ng Camp Crame. Kasunod nito, patuloy na dumarami ang mga tao na pumupunta sa EDSA.¹⁶

Noong Pebrero 23, libu-libong tao na ang nakapaligid sa Camp Crame at Camp Aguinaldo sa kahabaan ng EDSA bilang tugon sa mga panawagan ni Cardinal Sin. Pinangunahan ni AFP Chief General Fabian Ver ang pag-atake sa magkabilang kampo, habang ang mga loyalistang tropa ni Marcos ay nagtungo upang sirain ang transmitter ng Radio Veritas sa Bulacan. Sa panahong ito, ang mga sibilyan ay bumuo na ng mga "human barricade" upang pigilan ang mga armadong sundalo at mga tangke, kung saan nangunguna ang mga madre at clergy. Si Marcos ay lumabas sa telebisyon, at nagharap ng ilang naarestong opisyal ng militar (kinilala bilang mga "turncoats") at hiniling ang agarang pagbitiw nina Enrile at Ramos sa kanilang puwesto.

Noong Pebrero 24, naging napakagulo ng EDSA kung saan naglagay ang mga tao ng mga nasusunog na mga gulong, at nagkalat sa kalsada ng mga sandbag at mga lumang sasakyan para harangin ang daan patungo sa Camp Crame. Nagsimulang pumasok sa EDSA ang Armored Personnel Carriers ngunit nahirapan silang dumaan sa mga lansangan. Sinabi ni Marcos na ang ginagawa ng mga tao ay paghihimagsik (rebellion), habang sina General Fabian Ver at General Josephus Ramas ay sinenyasan ang mga sundalo na salakayin na ang mga sibilyan gamit ang tear gas¹⁷. Si Ferdinand Marcos at ang kanyang pamilya ay lumabas sa telebisyon nang umagang iyon upang sabihin na inaalas na nila ang "maximum tolerance policy" at naglabas ng state of emergency, habang si General Ramas ay naglabas ng "shoot-to-kill" order.

Noong madaling araw ng Pebrero 25, 1986, tinawagan ang mga tao na palibutan ang Club Filipino upang magbigay seguridad sa inagurasyon ni Cory Aquino bilang Pangulo. Habang nanunumpa si Aquino, nagdaos din ng sariling inagurasyon si Marcos sa Ceremonial Hall ng Malacañang Palace. Ang mga channel na magpapalabas ng address ni Marcos ay hinarang ng mga sundalong anti-Marcos na pinabagsak ang Broadcast City Complex. Sa EDSA, sinira

ng mga loyalistang sundalo ni Marcos ang mga barikada gamit ang mga tangke at armored vehicles. Nanawagan si General Ver sa mga sundalo na pigilan na ang paghihimagsik, kahit pa magresulta ito sa pagkakapatay sa mga sibilyan. Mabuti na lang at hindi ipinatupad ng mga sundalo ang kanilang mga utos¹⁸. Lumitaw rin ang mga biglaang people power protests sa iba't ibang bahagi ng bansa, na sumusuporta sa panawagang wakasan na ang diktadurya, at pagsapit ng 9:00 ng gabi ng Pebrero 25, si Marcos at ang kanyang pamilya ay tumakas ng Pilipinas lulan ng mga helicopter patungong Hawaii. Pinilit na buksan at sinugod ng mga tao ang palasyo, kung saan lumantad sa publiko ang kasaganaan at labis na yaman na naipon ng pamilya Marcos noong panahon ng kanilang kapangyarihan.

ANG OPISYAL NA SALAYSAY NG PAMAHALAAN KUMPARA SA MGA SALAYSAY NG MGA BIKTIMA AT NAKALIGTAS.

Ang opisyal na salaysay ng pamahalaan ay upang i-highlight ang mga nagawa ng administrasyon (maraming mga proyektong imprastruktura, ang inaakalang kabayanihan sa digmaan ni Marcos, at ang kapayapaan at kaayusan daw ay dinala na sa kanayunan) habang hindi pinapakita ang mga kalupitan na ginawa. Sa kanyang retorika, iginiit ni Marcos na ang isang sistema ng “constitutional authoritarianism” ay talagang kailangan para “mareporma ang lipunan” at lumikha ng isang “bagong lipunan” sa ilalim ng kanyang awtoridad.¹⁹

Ang naratibo naman ng mga biktima ng martial law ay tungkol sa paglabag sa karapatang pantao na naranasan nila, ang kawalan ng pag-asa, at nagpursige lamang sila dahil sa matinding pagpapasiya na mabuhay. Maraming biktima ng martial law ang nagsabing handa silang mamatay para sa bansa noong People Power Revolution. Nakiusap ang mga walang armas na mamamayan sa mga armadong sundalong maka-Marcos na huwag sila barilin dahil lahat naman tayo ay magkakapatid, at sa kabutihang palad ay hindi binaril ng mga sundalo ang mga mamamayan, sa kabila ng kanilang utos.²⁰

Ang nakalulungkot nito, ang mga aral ng nakaraan ay hindi umukit ng malalim sa isipan ng taumbayan dahil noong Mayo 9, 2022, inihalal nila ang anak ni Marcos bilang ika-17 Pangulo ng Pilipinas. Ang mga naratibo na ginamit ng anak (Ferdinand Marcos, Jr.) ay kapansin-pansing katulad ng sa kanyang ama, na nagbubunyi ng mga diumanong mabubuting gawain, habang hindi naglalabas ng mga isyu ng katiwalian, pandarambong, at paglabag sa karapatang pantao na patuloy na humahabol sa pamilya Marcos. Para kay Marcos, Jr., karamihan sa mga salaysay ay lubos na umaasa sa disinformation na ipinapakalat sa pamamagitan ng social media at ang mga “trolls” na kanyang ginamit.²¹ Ang paggamit ng mga “troll farm” na ito ay napatunayang epektibo sa digital age, kung saan ang mga tao ay malamang na maniwala sa kung ano man ang nakikita nilang naka-post sa social media nang hindi na nagsasagawa ng angkop na pagsusumikap at pagsisiyasat sa katotohanan. Pangkaraniwang ang mga Pilipino ay gumugol ng mahigit apat na oras araw-araw sa mga social media platforms, na siyang pinakamataas sa rehiyon ng Asia Pacific, at mayroong 78.5 milyong rehistradong gumagamit ng mga social network.²²

Isa sa mga pangunahing naratibo na ipinakalat ng pamahalaang Marcos ay sila daw ang mga “conceptualizers at tagapagpatupad ng mga imprastrakturang may kahanga-hangang arkitektura na nagpaangat sa Kulturang Pilipino.²³” Inaangkin nila ang mga istrukturang ito bilang patunay sa tinatawag na “golden age” sa ilalim ng administrasyong Marcos²⁴. Gayunpaman, ang katotohanan ay karamihan sa mga proyektong pang-imprastrakturang ito ay itinayo gamit ang mga dayuhang pautang, at maraming “grease money” o suhol ang ibinulsa ng mga tiwaling opisyal. Kabilang sa mga proyektong itinayo sa ilalim ng administrasyong Marcos ay ang Bataan Nuclear Power Plant,

na nagkakahalaga ng bilyun-bilyon ngunit hindi kailanman nagamit dahil sa paggamit ng lumang teknolohiya, mapanganib na mga kondisyon, at pangamba sa isang nuclear meltdown. Isa pa ay ang Manila Film Center kung saan daan-daan ang namatay dahil minamadali ang pagtatayo ng gusali para maihabol sa pagbukas ng Manila International Film Festival (MIFF). Isang malaking scaffolding ang gumuho sa itaas ng mga manggagawa, na nagbaon sa 169 na manggagawa na nahulog sa kanilang kamatayan sa quick drying cement.²⁵

Ang mga salaysay ng mga biktima at survivors ay nagpapakita ng mga paghihirap ng mga taong nangahas na sumalungat sa mapang-aping rehimeng Marcos, kung saan ang isang aksyon tulad ng investigative journalism ay maaaring magresulta sa pagiging desaparecido, tortyur, panggagahasa, atbp., maging sa mga kabataan²⁶. Sa kabila ng kasuklam-suklam na mga gawaing ito, ang mga salarin ay madalas na mapapawalang-sala sa pamamagitan ng pagsasabi na sila ay sumusunod lamang sa mga opisyal na utos, at ito ay ginawa “in the line of duty.”²⁷

Sina Hilda Narciso at Maria Cristina Bawagan ay naging panauhing tagapagsalita sa isang symposium na pinamagatang “Batas Militar: Mga Alingawngaw mula sa Nakaraan” na ginanap sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños noong Setyembre 18, 2019. Parehong martial law survivors ay nagbahagi ng kanilang mga kuwento ng pagiging bilanggong pulitikal sa ilalim ng batas militar. “Maging mayaman ka, maging mahirap, basta taliwas sa kagustuhan ni Marcos ang iyong ginagawa, pwede kang mamatay,” sabi ni Bawagan. Naalala niya na ang ilan sa mga karaniwang uri ng tortyur na ginagawa ay kinabibilangan ng electric shock sa ari, “water cure,” paglubog ng ulo sa toilet bowl na puno ng dumi, “Russian roulette,” inililibing ng buhay, hinuhubaran, hindi pinapatulog, pagbitin ng patiwari, at panggagahasa at sekswal na pang-aabuso. Si Narciso ay isang guro at isang church worker sa Davao nang siya ay kunin ng militar, at paulit-ulit na tinortyur at ginahasa habang nakakulong. “Iyong pakiramdam mo na ikaw ay binaboy, binastos, pinahiya, pinasama, tinanggalan ng pagkatao. Mabuti pa ang basahan, kaya mong linisin, ang tao, parang hindi.” Dagdag niya: “Sinasabi namin sa inyo ang katotohanan kasi ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.”²⁸

Ibinahagi ni Neri Colmenares, isang dating kandidato sa Senado, na siya ay 18 taong gulang pa lang ng siya ay arestuhin ng militar dahil sa pagsuporta sa pagbabalik ng mga student councils at mga publikasyon. Limang araw siyang binugbog at kinuryente. Naranasan din niya ang karumal-dumal na “Russian Roulette,” at sa tuwing pipisilin ng sundalo ang gatilyo, pakiramdam niya ay tumalsik at kumalat na sa dingding ang kanyang utak. Komento ni Colmenares: “Ang iyong katawan ay maaaring maging manhid kapag naabot mo na ang iyong ‘threshold for pain,’ ngunit ang isip ay walang mga limitasyon na ipunin ang lahat ng mga pinsalang dinanas mo.” Dagdag pa niya, ang bumabagabag sa kanya hanggang sa ngayon ay ang mental torture²⁹.

STATE-ENABLED OPPRESSION

Ang pagpapatupad ng media blackout sa pamamagitan ng Letter of Instruction No. 1-A, s. 1972 ni Ferdinand Marcos ay lalo pang nagpalala sa mga kalupitan na nangyayari dahil walang sesyon ang mga korte sa panahong ito³⁰. Ang sinasabing pag-iral ng mga subersibong kilusan sa panahon ng batas militar ang naging pinakamadaling katwiran para sa pag-aresto sa mga kalaban sa pulitika, na lalong nagpalakas ng galit ng mga tao³¹. Marami ang nakakaalala sa diktadurang Marcos dahil sa malawakang pang-aabuso sa karapatang pantao, na madalas pinuntirya ang oposisyon sa pulitika, mga aktibistang estudyante, mga mamamahayag, mga manggagawang relihiyoso, mga magsasaka, at iba pang tumutuligsa sa administrasyong

Marcos. Batay sa mga dokumento ng Amnesty International, Task Force Detainees of the Philippines, at iba pang human rights monitoring entities, pinaniniwalaan na ang diktadurang Marcos ay nagkaroon ng hindi bababa sa 3,257 kilalang extrajudicial killings, 35,000 dokumentadong tortyur, 77 na nawala, at 70,000 pagkakakulong³². May 2,520 sa 3,257³³ na biktima ng pagpatay ang pinahirapan at pinutol ang mga bangkay bago itinapon sa iba't ibang lugar para matuklasan ng publiko - isang taktika na naglalayong maghasik ng takot sa publiko. Nang maglaon, ang gawaing ito ay nakilala bilang "salvaging."

MGA GAPS/PUNTO NG PAGTATALO SA PAGITAN NG MGA OPISYAL NA NARATIBO NG GOBYERNO, KUMPARA SA MGA NARATIBO NG MGA BIKTIMA/SURVIVORS.

Ang agwat sa pagitan ng dalawang salaysay ay sanhi ng pagkakaiba ng pananaw at interes. Ang opisyal na salaysay ng pamahalaan ay minamaliit ang mga kalupitan na ginawa at labis na binibigyang-diin ang mga accomplishments hanggang sa punto ng propaganda³⁴. Ngunit ang salaysay ng mga biktima at survivors ay nakatuon sa mga kalupitan na kanilang naranasan, at sa paghinggi ng hustisya at pananagutan. Dagdag pa, natuklasan sa pamamagitan ng karagdagang pagsisiyasat ang malalaking deficit (kakulangan) sa pondo ng gobyerno na resulta ng maling pamamahala at paglustay ng Presidential Family³⁵.

Gayunpaman, ang opisyal na naratibo ng gobyerno ay hindi palaging ganito. Sa panahon ng Administrasyon ni Cory (1986 hanggang 1992), kinilala ng Estado ang mga kalupitan na dinanas ng mga biktima ng batas militar at nangakong iwawasto ang mga ito. Sa pamamagitan ng 1987 Constitution, ang kapangyarihan ng pangulo na magdeklara ng batas militar ay lubhang limitado, at ang administrasyon, sa pamamagitan ng Presidential Commission on Good Government (PCGG), ay nanguna sa pagbawi ng ill-gotten wealth ng mga Marcos. Ibinalik din ng administrasyong Aquino ang mga kalayaang sibil at pinalaya ang mga detenidong pulitikal ng batas militar³⁶. Ang paninindigang ito ng pagkilala sa mga kalupitan ng batas militar ay nagpatuloy sa administrasyong Benigno Aquino III (anak ni Cory Aquino) mula 2010 hanggang 2016. Noong 2013, isinabatas ang Human Rights Victims Reparation and Recognition Act, na nagbigay ng P10 bilyon bilang kabayaran sa mga biktima ng pang-aabuso sa ilalim ng martial law³⁷.

Subalit nang dumating ang administrasyong Duterte noong 2016 hanggang 2022, ang opisyal na naratibo ng gobyerno ay bumalik sa orihinal nitong posisyon: na minaliit ang mga pang-aabusong ginawa noong batas militar³⁸. Maraming nakakaalam na ang mga Marcoses ay malapit na kaalyado ni Pangulong Duterte, na inamin pa ni Duterte na hinahangaan at kinopya niya ang istilong militar ng pamumuno ng diktador³⁹. Ang bagong halal na administrasyon ni Bongbong Marcos ay malamang na magpapatuloy sa linyang ito, na taliwas sa naratibo ng mga biktima at survivors⁴⁰. Ang pagkakaiba ng opinyon ay malinaw na makikita sa kaso ni Ocampo vs Enriquez⁴¹, na may 9-5 na desisyon ng Korte Suprema, na nagpasyang pabor sila payagan ang paglibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani⁴². Karamihan sa mga kalupitan na ginawa at ipinakita bilang ebidensiya sa kaso ay binalewala, at ang naging pokus ng korte ay umikot sa mga medalya at diumano'y mga nagawang kabayanihang militar ng dating Pangulo, kaya nararapat lang daw na siya ay mailibing doon. Nagdulot ito ng matinding galit ng publiko, at muling sumiklab ang pangamba sa historical revisionism at sa posibleng pagbura ng gobyerno sa mga kalupitan na nangyari sa panahong iyon⁴³. Sinabi ng martial law survivor na si Bonifacio Ilagan (Filipino playwright, screenwriter, filmmaker, journalist, at editor) sa isang panayam na hindi perpekto ang People Power movement dahil hindi ito naging matagumpay para mapigilan ang pamilya Marcos sa pagbalik sa kapangyarihan.⁴⁴

3. Paano ginugunita ng mga opisyal ang makabuluhang petsa o kaganapan sa pampublikong larangan?

Ang Setyembre 23 ay ginugunita bilang petsa ng deklarasyon ng batas militar sa Pilipinas. Hindi ito itinalaga ni Pangulong Duterte bilang isang pampublikong holiday. Sinabi niya na ito ay isang araw ng protesta, at kung ito ay magiging isang holiday, ito ay magpapahintulot lamang ng mga pampublikong pagtitipon para sa mga mass demonstrations⁴⁵. Sa administrasyong Duterte, karaniwang tumanggi siya na kilalanin ang anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar, at ang gawaing ito ay inaasahang magpapatuloy sa administrasyong Marcos, Jr.

Opisyal na ginugunita ang EDSA Revolution dahil sa makasaysayang “bloodless revolution” na nagpabagsak sa diktadurang Marcos. Ito ay ginugunita sa pampublikong larangan tuwing Pebrero 25 bilang isang national holiday. Para sa National Historical Commission (NHC), ang kanilang pinakahuling aktibidad ay isang Commemorative Online Exhibit kung saan nagpakita sila ng mga video clips tungkol sa EDSA revolution, na sinundan ng isang forum kung saan ibinahagi ng mga tagapagsalita ang kanilang mga personal na karanasan noong rebolusyon⁴⁶. Ang ibang mga ahensya ay naglulunsad ng mga serye ng diyalogo upang magbahagi ng mga insights ang mga tao tungkol sa kaganapan, at maipalitaw ang mga pagkakahalintulad noon at ngayon. Isang “wreath laying” event naman para parangalan ang mga bayani ng People Power Revolution ang isinagawa ng EPPC (EDSA People Power Commission), kung saan nagpakita rin sila ng multimedia presentation tungkol sa martial law⁴⁷. Inilathala ng DILG (Department of the Interior and Local Government) ang Memorandum Circular 2022-012 kaugnay sa paggunita sa EDSA Revolution, na nananawagan sa lahat ng local chief executives, ang BARMM (Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao) Minister ng DILG, at mga DILG regional directors na magsagawa ng mga aktibidad sa paggunita ng EDSA Revolution⁴⁸.

MGA HALIMBAWA NG MGA OPISYAL NA GAWAIN SA PAGGUNITA.

Ang Bantayog ng mga Bayani ay maraming likhang sining at monumento na nagpapagunita sa mga paghihirap sa loob ng 21 kabuuang taon ng diktadurang Marcos⁴⁹. Kabilang sa mga ito ay ang “Wall of Remembrance,” kung saan ang mga pangalan ng mga bayani at martir ng batas militar ay inukit sa mga granite na pader. Ang Bantayog ay nagpapakita rin ng iba pang mga likhang sining na naglalarawan ng kabayanihan, pati na rin ang mga kakila-kilabot na pangyayari, sa panahong iyon⁵⁰. Ito ay isang kongkretong pag-alala sa mga pangyayari, ang mga buhay na kinuha nito, at ang mga kuwento sa likod ng mga ito, na umaasang hadlangan ang mga pagsisikap sa pagbaluktot ng kasaysayan at historical revisionism, at kumakalaban sa mga autocratic tendencies. Ang Freedom Memorial Museum ay isang proyekto ng Human Rights Violations Victims’ Memorial Commission (HRVVMC), isang katawan na nilikha sa ilalim ng Republic Act No. 10368. Ang batas na ito, na kilala rin bilang “Human Rights Victims Reparation and Recognition Act,” ay nilagdaan noong 2013 ni dating Pangulong Benigno Aquino III. Ang HRVVMC ay naatasang magbigay ng kamalayan sa mga kabataan hinggil sa pagmamalabis ng administrasyong Marcos. Binuksan ng HRVVMC ang bidding para sa pagtatayo ng museo noong Setyembre 21, 2020. Ang museo ay inaasahang magbubukas sa Setyembre 23, 2022, kasabay ng ika-50 anibersaryo ng Martial Law ni Marcos. Gayunpaman, dahil si Marcos, Jr. ang nakaupong Pangulo, marami ang nangangamba na ang museo ay maaaring hindi mabigyan ng clearance para itayo, o ang mga pondo ay maaaring magamit sa ibang bagay.

4. Paano ginugunita ang mahalagang petsa o kaganapan ng mga komunidad ng biktima at survivors at CSOs?

Sa kabila ng kapabayaang pagtanggap ng gobyerno na ideklarang holiday ang anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar, patuloy na nagsasagawa ng mga kilos protesta ang mga mamamayan sa petsang iyon⁵¹, kahit pa may oposisyon ang gobyerno at mahigpit na regulasyon ng pulisya⁵². Ang mga protesta ay naghahangad na panatilihin buhay ang mga alaala sa madilim na panahon ng kasaysayan ng Pilipinas, at upang magsilbing paalala sa mga panganib ng autokrasya. Ang mga protesta ay nagsisilbi ring isang forum para sa pagpapahayag ng mga hinaing ng mga nagdaang administrasyon, sa pag-asa na magkaroon ng pagbabago⁵³.

Noong Pebrero 25, 2022, upang gunitain ang 36th People Power Anniversary, nagsagawa ng pagtitipon ang mga CSO at survivor groups sa EDSA shrine. Binigyang-diin ng alyansa na ang humihinang interes ng mga tao sa paggunita ng People Power Revolution ay dahil sa pag-usbong ng disinformation, na pinalaganap ng mga online “trolls.” Ang mga kumperensya at forum ay isinagawa upang makatulong na labanan ang online na propaganda nito⁵⁴. Ang ibang mga organisasyon ay nagdadaos ng mga online webinars o kumperensya para itanggi ang mga fake news, at magsagawa ng diskurso sa pulitika, kasaysayan, at kilusang masa. Nagkaroon ng mga talakayan upang isalaysay ang mga pangyayari sa People Power na humantong sa pagpapataksik kay Marcos, habang ang iba naman ay nagsagawa ng symposia na nagtatampok ng mga dalubhasa sa karapatang pantao at mga mananalaysay upang pag-usapan ang magulong panahong iyon⁵⁵. Ang pagpapakalat ng tamang impormasyon ang karaniwang tema, na ang kadalasang call sa dulo ay “Never Again to Martial Law!”

CSO AT MGA INISYATIBA O INTERBENSYON UPANG KILALANIN ANG MGA SALAYSAY NG MGA BIKTIMA.

Ang isang modernong paggunita sa Batas Militar ay ginagawa sa pamamagitan ng Virtual Martial Law Museum, isang online na mapagkukunan ng pag-aaral na nilikha ng isang komunidad ng mga tagapagturo at mga mamamayang nakatuon sa pagtuturo ng mga aral ng batas militar sa publiko⁵⁶. Sa pagiging online, ang Martial Law Museum ay nagbibigay-daan para sa madaling pag-access sa sinumang may internet access. Nilalayan nitong wakasan ang pag-uulit ng mga pangyayaring nagbigay daan upang mangyari ang mga kalupitan sa batas militar⁵⁷. Ang Batas Militar ay ginugunita din sa pamamagitan ng mga likhang sining, dula sa teatro, at mga pelikula o dokumentaryo tungkol sa panahong iyon. Sa pamamagitan ng mga media na tulad nito, ang mga damdaming dala ng mga kuwento ay mas naihatid, na nagbibigay ng malalim at personal na interes sa mga kuwento, at nagiging mas makabuluhan ito sa mga manunuod. Ang mga pormang ito ay nagbibigay ng mas matagal na epekto at mas tapat na naghahatid ng mga mensahe na gustong ibahagi ng mga biktima at survivors.

5. Paano ginugunita ang mahalagang petsa o kaganapang ito sa inyong organisasyon?

Ang mga aktibidad sa paggunita ay naglalayong ipaalala sa mga tao ang mga kakila-kilabot na nangyari sa ilalim ng Batas Militar. Ngunit dahil sa malawakang kampanya ng disinformation, hindi gaanong nabibigyang halaga ang mga aral ng nakaraan, na nagpapataas ng banta na ang mga ito ay tuluyan nang makalimutan⁵⁸. Ang pagpapanatiling buhay sa alaala at pag-iingat ng katotohanan sa kasaysayan ng Pilipinas ay mahalaga upang ang mga kakila-kilabot na pangyayaring ito ay hindi na maulit, at hindi na rin papayagan ng mga tao na maulit ito⁵⁹. Walang sinuman ang dapat bigyan ng sobrang kapangyarihan upang magkaroon ng ganap na kontrol sa isang estado sa kapinsalaan ng mga mamamayan nito.

Ang kasaysayan ng ALG ay makikita sa kilusan ng mga abogado at advocates laban sa administrasyong Marcos na nakatuon sa mga civil and political rights (pagtatanggol sa mga biktima ng ilegal na pagkulong, pag-aresto at pagpapahirap, atbp). Pagkatapos ng pagpapataalsik kay Marcos, tumaas ang pangangailangan para sa iba pang mga serbisyong legal na tulungan ang mas malawak na populasyon, na kinabibilangan ng mga multi-sectoral na gawain tulad ng sa mga magsasaka, mangingisda, maralitang taga-lungsod, kababaihan at bata, katutubo, at kapaligiran, atbp. Ito ay nagbigay daan sa konsepto ng “alternative lawyering,” ang karaniwang nagdidikit at nagpapatibay ng ALG coalition. Nakikipagtulungan din ang ALG sa iba pa niyang mga partner CSOs upang magdaos ng mga webinar, forum, bumuo ng mga IEC materials tungkol sa batas militar at People Power Revolution. Isinasama na rin namin ang mga aral ng batas militar sa aming mga pagsasanay, mga webinar, at mga publikasyon.

COMMEMORATIVE PRACTICES NG MGA CSOS.

Ang social media ay kinikilala bilang isang epektibong plataporma ngayon dahil sa pagiging accessible niya sa sinumang may smartphone. Ginagamit ito ngayon ng mga CSO para magpakalat ng mga factual reports para kontrahin ang fake news at “alternative truths” na pinapakalat ng administrasyon⁶⁰. Kabilang sa iba pang mahalagang paraan ay ang paglunsad ng mga awareness-raising activities, at pakikilahok sa mga aksyong protesta laban sa batas militar kasama ng mga partner CSOs.

FUNCTIONS NG COMMEMORATIVE PRACTICES.

Ang mga commemorative practices ay naglalayong ilantad ang katotohanan sa martial law, gayundin ang pagdiriwang ng People Power Revolution. Nakikilahok tayo sa mapayapang mga aksyong protesta na pinamumunuan ng mga partner CSOs dahil alam nating mahalaga, lalo na ngayon, na kailangan kontrahin ang disinformation campaign ng gobyerno. Kailangan nating pahalagahan ang mga aral mula sa kasaysayan upang ito ay maiwasan sa hinaharap. Mahalagang malaman ng mga tao ang mga totoong pangyayari sa likod ng rehimeng Marcos⁶¹.

MGA TENSYON SA PAGITAN NG MGA OPISYAL NA NARATIBO NG GOBYERNO AT NARATIBO NG MGA BIKTIMA AT SURVIVORS.

Ang mga tensyon sa pagitan ng dalawang naratibo – ang naratibo ng pamahalaan laban sa naratibo ng mga biktima/survivors – ay talagang hindi maiiwasan dahil magkasalungat ang mga interes sa likod ng mga ito. Ang mga salaysay ng administrasyon ay sinadya upang itago ang katotohanan tungkol sa mga nangyari upang makatakas sa pag-uusig at pananagutan. Ito ay sumasalungat sa naratibo ng mga biktima at survivors, na naglalayong ilantad ang mga dinanas nila, at humingi ng pananagutan. Kapansin-pansin, si Marcos, Jr. (ang kasalukuyang pangulo) ay hindi kailanman humingi ng tawad sa mga kalupitan na ginawa noong administrasyon ng kanyang ama⁶².

ANG GAWAIN NG MGA CSOS PARA BAGUHIN ANG MGA DOMINANTENG PRACTICES NA KADALASAN AY NAGSASANTABI NG MGA ALTERNATIBONG NARATIBO.

Ang halalan noong Mayo 9, 2022 ay nagsisilbing isang matibay na patotoo sa kapangyarihan ng social media, na humantong sa pagkahalal kay Marcos, Jr bilang pangulo. Ang isang katulad na kaganapan ay makikita noong 2016 sa US Presidential Elections kung saan si Donald Trump ay nanalo sa pamamagitan ng matinding paggamit at pagmamaniipula ng impormasyon sa social media⁶³. Nakikita na rin ngayon ng CSO community ang halaga ng social media bilang pinakabagong larangan ng labanan para sa pagkontra sa disinformation campaigns. Halimbawa, ang isa sa mga unang prayoridad ng administrasyong Marcos, Jr. ay ang pagkuha ng mga vlogger at social media influencers para antabayanan ang mga aktibidad ng gobyerno. Gayunpaman, mahirap na hayagang hamunin ang disinformation campaign ng pamahalaan dahil sa tumataas na insidente ng red-tagging, kung saan ang mga indibidwal na na-red tag ay nalalantad sa harassment at death threats⁶⁴.

6. Lessons Learned

Gamit ang lente ng Transitional Justice Framework, matutukoy natin ang mga hamon at kahinaan kung paano sumulong ang Pilipinas mula sa rehimeng Marcos patungo sa pagpapanumbalik ng demokrasya, at tumuloy-tuloy sa kasalukuyang konteksto kung saan ang 31 milyong Pilipino ang bumoto sa ang anak ng diktador bilang ika-17th na pangulo ng bansa.

TRUTH

Ang katotohanan tungkol sa totoong nangyari noong mga taon ng martial law ay sadyang ikinukubli ng mga salarin upang makatakas sa pag-uusig at pananagutan. Sa pamamagitan ng napakaraming ill-gotten wealth ng mga Marcos, kasabwat pa ang kanilang mga kaalyado sa pulitika, binaha nila ang social media ng fake news at “alternative truths.” Mas maraming pagsisikap ang kailangan gawin upang mailantad ang katotohanan tungkol sa mga paglabag sa karapatang pantao at kalupitan sa ilalim ng batas militar.

PROSECUTION

Noong People Power Revolution, tuwang-tuwa ang sambayanang Pilipino na tuluyang tumakas ang diktador sa bansa. Gayunpaman, mas maraming pagsisikap ang dapat na ginawa ng gobyerno ni Cory Aquino upang usigin ang mga Marcoses at ang kanilang mga kroni. Siyempre, ang gobyerno ni Cory ay lumalakad din sa isang tigtrope, sinusubukang balansehin ang paghabol sa mga Marcoses at implementasyon ng mga socio-economic programs, lalo na kung ang mga tao, ahensya at institusyon na kausap niya ay maka-Marcos. Sa kalaunan, dumanas ang administrasyong Cory ng anim na bigong coup d'état mula sa mga pwersang pro-Marcos.

REPARATIONS

Mas maraming hakbangin ang dapat na isinagawa upang magbigay ng pagkilala at kabayaran sa mga biktima ng batas militar. Bagama't naipasa ang isang pambansang batas (R.A. 10368), na nagbibigay ng reparations sa mga biktima ng batas militar sa ilalim ng rehimeng Marcos, nagtagal ang Kongreso upang maisabatas ito (naisabatas lamang ito ng taong 2013). Sa mahigit 75,000 na aplikasyon, 11,000 lamang ang nakapasok sa final list, kaya't nagkaroon ng hidwaan sa mga bigong makapasok sa listahan. Ang opisyal na pagkilala mula sa gobyerno ay isang mahalagang bahagi ng hustisya na hinahangad ng mga biktima, ngunit ang gobyerno ay nag-palit-palit ng posisyon mula sa pagtanggap sa mga kalupitan, hanggang sa pagkilala sa mga biktima, hanggang sa muling pagtanggap sa mga kalupitan.

INSTITUTIONAL REFORM

Upang maiwasan ang pag-ulit ng mga nakaraang pagkakamali, mahalagang repormahin ang mga institusyong nagbigay daan upang mangyari ang mga pang-aabuso. Kabilang dito ang hudikatura (dapat maging tunay na independyente, malaya sa impluwensya, at nagbibigay ng finalidad sa mga kaso), ang militar at pulisya (upang pangalagaan at protektahan ang mga karapatang pantao, upang matiyak na walang magiging whitewashing sa mga kaso, upang makontrol ang impunity, para bantayan nila ang kanilang sariling mga hanay, at palakasin ang pananagutan o accountability), at iba pang sosyo-ekonomiko-pampulitikang institusyon. Kapag hindi napigilan, ang panganib mula sa aksyon ng mga political groups na naglalayong guluhin ang sosyo-politikal na sitwasyon ng bansa ay palaging naroroon.

Naging kampante ang mamamayang Pilipino sa panahon ni Cory Aquino dahil alam nilang napatalsik na ang diktador, at sa wakas ay naibalik na ang demokrasya. Ang aral dito ay dapat manatiling mapanuri at vigilant ang mga tao dahil ang mga panibagong hamon ay palaging lilitaw. Halimbawa, ang paggamit ng social media para magpakalat ng disinformation ay nagsimula sa panahon ng administrasyong Duterte, at sa 2022 elections ay may 31 milyong Pilipino ang bumoto kay Marcos, Jr. bilang pangulo. Maraming CSO ang nagulat sa hindi inaasahang resulta. Bigla na lang, nagising tayo sa isang bagong konteksto kung saan kinokontrol ng social media ang isipan, opinyon, at pananaw ng maraming hindi nakakaalam at madaling malinlang na mamamayan. Ang mga troll farm ang naging pinakamabilis at pinakamadaling makinarya para sa pagpapalaganap ng propaganda. Ang kailangan ay higit pang edukasyon at mga awareness-raising activities upang ang mga tao ay maging mas analitikal at mapanuri sa nilalaman na kanilang nababasa online. Dapat turuan ang mga mag-aaral tungkol sa mga kalupitan na nangyari sa ilalim ng batas militar. Kailangang magkaroon ng institusyonalisasyon ng mga paggunita upang hindi ito makalimutan ng mga tao. Kapag

hindi napigilan, ang panganib ng malawakang disinformation campaigns ay maaaring pumasok upang sagkaan ang katotohanan. Ang pagpapatupad ng mga fact-checking tools ay napakahalaga sa pagbabawas ng pagkalat ng fake news, at upang muling buuin ang makuha ang tiwala at kumpiyansa ng lipunan sa mga balita⁶⁵.

Napakahalagang i-institutionalize ng gobyerno ang mga aktibidad sa pag-alaala at paggunita upang hindi na ipaubaya sa kapritso ng punong ehekutibo kung gugunitain ang mga ito o hindi. Dapat ay awtomatikong ginagawa ang paggunita. Gayundin, ang mga mapayapang kilos-protesta ay batay sa freedoms of speech, expression and association, at ito ay bahagi ng demokratikong lipunan na ating binuo. Ang kagitingan na ipinakita ng mga taong nanindigan sa harap ng mabibigat na artilerya at ang kanilang pagsama sa EDSA ang nagbigay daan upang tayo ay mabuhay nang malaya ngayon. Dahil dito, ang mga pangunahing karapatang pantao tulad ng pagbabawal sa torture at freedom of expression ay nakapaloob na at pinoprotektahan sa ating mga batas. Itinuro sa atin ng People Power Revolution ang kapangyarihang taglay ng mga tao sa harap ng mga makapangyarihang diktador, dahil ang tunay na kapangyarihan ay nagmumula lamang sa mga tao.

7. Tukuyin ang best practices na gumagana upang maitanim ang isang inclusive memory culture at mas malalawak na layunin ng pagkakasundo, pagkilala, paghahanap ng katotohanan, edukasyon para sa mga susunod na henerasyon, at hindi pag-uulit.

Sa prayoridad ng kasalukuyang administrasyon na linisin ang pangalan ng pamilya Marcos, maraming disinformation at revisionist narratives ang kumakalat online. Kaya para sa mga CSOs, ang social media ang pinakabagong larangan ng labanan upang kontrahin ang maling impormasyon sa katotohanan. Nagsagawa rin ng mga kilos-protesta ang mga CSOs sa panahon ng paggunita ng batas militar. Kasama sa iba pang mga aktibidades ay ang paglunsad ng mga webinar, publikasyon, palabas ng pelikula at dokumentaryo, at pagbuo ng mga IEC materials. Kapansin-pansin na sinusupportahan ng ilang institutes of higher learning ang paggunita sa batas militar. Halimbawa, ang Freedom Memorial Museum ay itatayo sa campus grounds ng Unibersidad ng Pilipinas upang opisyal na kilalanin ang mga maling gawain at kalupitan ng batas militar. Ang Ateneo de Manila University ay nagsasagawa ng mga webinar, video showing, panel discussions, at livestream activities upang gunitain ang deklarasyon ng martial law at ipakita ang mga negatibong epekto nito sa ating bansa⁶⁶. Ang iba pang mga learning institutions ay nagsasaayos din ng kani-kanilang mga aktibidad sa paggunita.

MGA INISYATIBA NG CSO NA NAGFA-FACILITATE NG MAS MALAWAK NA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA PUBLIKO.

Maraming CSOs ang gumugunita sa batas militar sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga karanasan ng mga biktima sa mga kumperensya o symposium. Sa mga sesyon na ito, nabubuo ang pagkakatulad mula sa administrasyong Marcos, sa administrasyong Duterte, hanggang sa kasalukuyang administrasyong Marcos, Jr. Ang mga CSOs ay nagsasagawa rin ng mga information drive at pag-post sa social media. Ang mga CSOs ay nakikibahagi din sa mga hakbangin sa policy reform, na napakahalaga upang maiwasan ang mga kalupitan sa hinaharap⁶⁷.

MGA INISYATIBA NG CSO NA NAGKO-CONTRIBUTE SA MATAGUMPAY NA KULTURA NG MEMORYA.

Ang mga CSOs ay nakikibahagi sa social media, nagsasagawa ng mga webinar at mga talakayan, naglathala ng IEC at mga information materials, nagsasagawa ng mga kilos protesta, atbp. Ang layunin ay pataasin ang antas ng kamalayan ng pangkalahatang publiko - mula sa bulag na pagtanggap sa kung ano man ang nakikita nila sa social media, sa pagiging kritikal at analitikal sa mga impormasyong inilalahad sa kanila.

MGA INISYATIBA NG CSO NA NAGHIHIKAYAT NG PAGBUO NG PAMPUBLIKONG DIYALOGO AT DEBATE PARA SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON.

Maraming mga CSOs ang nagsisikap na isulong ang mas malawak na pakikipag-ugnayan sa sangkatauhan upang ang pangkalahatang publiko ay magkaroon ng kamalayan sa mga inisyatiba ng pamahalaan na itago ang katotohanan at baluktutin at baguhin ang mga makasaysayang katotohanan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng social media, mga sesyon pang-edukasyon (tulad ng mga forum, webinar, round-table discussion, atbp), mga publikasyon at mga materyales sa IEC. Marami sa aming mga miyembrong organisasyon ang nagsasagawa ng mga naturang aktibidad, lalo na sa kanilang mga lokal na partner communities at sectors.

ENDNOTES

- 1 Rappler. "Jabidah and Merdeka: The inside story," March 18, 2018. <https://www.rappler.com/newsbreak/24025-jabidah-massacre-merdeka-sabah/>.
- 2 Martial Law Museum. "Warning Signs: The Events Leading up to Martial Law," (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/interactive/warningsigns/>.
- 3 Joaquin, Nick. 1990. Manila, My Manila. Vera-Reyes, Inc.
- 4 Ibid.
- 5 Mijares, Primitivo. "The conjugal dictatorship of Ferdinand and Imelda Marcos." New York: Union Square Publications. April 27, 1976. p. 166.
- 6 Martial Law Museum. "Breaking the News: Silencing the Media Under Martial Law" (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/magalaral/breaking-the-news-silencing-the-media-under-martial-law/>
- 7 Amnesty International. "Five things to know about Martial Law in the Philippines," April 25, 2022. <https://www.amnesty.org/en/latest/news/2022/04/five-things-to-know-about-martial-law-in-the-philippines/>
- 8 Martial Law Museum. "The Heroes Who Fought Martial Law: Lilosahilao," (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/magalaral/the-heroes-who-fought-martial-law-lilosahilao/>
- 9 Martial Law Museum. "The Road to EDSA," (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/interactive/roadtoedsa/>
- 10 Ibid.
- 11 Official Gazette. "A HISTORY OF THE PHILIPPINE POLITICAL PROTEST," (n.d.) <https://www.officialgazette.gov.ph/edsa/the-ph-protest/>
- 12 Official Gazette of the Philippines. "Declaration of Martial Law," (n.d.) <https://www.officialgazette.gov.ph/featured/declaration-of-martial-law/> [last accessed July 4, 2022]; See Proclaiming a State of Martial Law in the Philippines, Proclamation No. 1081, signed on September 21, 1972.
- 13 Amnesty International. "A Report of an Amnesty International Mission to the Republic of the Philippines, 22 November - 5 December 1975," www.amnesty.org/en/wp-content/uploads/2021/06/asa350191977en.pdf [last accessed July 4, 2022].
- 14 Official Gazette of the Philippines. "30th Anniversary of the 1986 EDSA People Power Revolution," <https://www.officialgazette.gov.ph/edsa/#:~:text=The%201986%20EDSA%20People%20Power%20Revolution%20gathered%20millions%20of%20Filipinos,by%20true%20freedom%20and%20democracy>
- 15 Martial Law Museum. "The Heroes Who Fought Martial Law: Lilosahilao."
- 16 Official Gazette of the Philippines. "A HISTORY OF THE PHILIPPINE POLITICAL PROTEST."
- 17 ABS-CBN News. "TIMELINE: EDSA People Power Revolution," February 22, 2017. <https://news.abs-cbn.com/focus/02/21/17/timeline-edsa-people-power-revolution>.
- 18 Martial Law Museum. "The Heroes Who Fought Martial Law: Lilosahilao."
- 19 Brillantes, Alex B., Jr. 1987. Dictatorship & martial law : Philippine authoritarianism in 1972. Quezon City, Philippines: University of the Philippines Diliman School of Public Administration. ISBN 978-9718567012.
- 20 Pena, Kurt Dela. "#Edsa36: Remembering those who gave up their lives." [INQUIRER.net](https://newsinfo.inquirer.net/1559917/edsa36-remembering-those-who-gave-up-their-lives). February 25, 2022. <https://newsinfo.inquirer.net/1559917/edsa36-remembering-those-who-gave-up-their-lives>
- 21 Canlas, Daphne-Tatiana and Claudio, Ma. Ivy. "[ANALYSIS] Building Narratives: stories of greatness and windmills in Marcos Jr.'s campaign video." Rappler. June 3, 2022. <https://www.rappler.com/nation/elections/analysis-building-narratives-greatness-windmills-marcos-jr-campaign-video/>
- 22 Statista Research Department. "Social media in the Philippines - statistics & facts." 2021. Statista. <https://www.statista.com/topics/6759/social-media-usage-in-the-philippines/#dossierKeyfigures>.
- 23 Ibid.
- 24 Ibid.
- 25 Martial law Museum. "Edifice Complex: Building on the Backs of the Filipino People." <https://martiallawmuseum.ph/magalaral/edifice-complex-building-on-the-backs-of-the-filipino-people/>

- 26 Amnesty International. "Five things to know about Martial Law in the Philippines."
- 27 Lozada, David. "LOOK BACK: The Philippine Constabulary under Marcos." September 21, 2016. Rappler. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/146867-look-back-philippine-constabulary-marcos/>
- 28 "Survivors recall Martial Law ordeal." September 20, 2019, University of the Philippines Los Baños. <https://uplb.edu.ph/campus/survivors-recall-martial-law-ordeal/>
- 29 Beltran, Michael. "Neri Colmenares: The Martial Law Survivor Pursuing a Philippine Senate Seat." The Diplomat. February 25, 2022. <https://thediplomat.com/2022/02/neri-colmenares-the-martial-law-survivor-pursuing-a-philippine-senate-seat/>
- 30 Office of the President of the Philippines. "Letter of Instruction Nos.: 1 – 237A". Manila: Malacañang Records Office. 1972. <https://www.officialgazette.gov.ph/1972/09/28/letter-of-instruction-no-1-a-s-1972/>
- 31 The Official Gazette of the Philippines. "The Fall of the Dictatorship." (n.d.). <https://www.officialgazette.gov.ph/featured/the-fall-of-the-dictatorship/>
- 32 Amnesty International. "Report of an AI Mission to the Republic of the Philippines 1975." September 1, 1976. <https://www.amnesty.org/en/documents/asa35/019/1977/en/>
- 33 Reyes, Rachel A.G. "3,257: Fact checking the Marcos killings, 1975-1985". April 12, 2016. The Manila Times. <https://www.manilatimes.net/2016/04/12/featured-columns/columnists/3257-fact-checking-the-marcos-killings-1975-1985/255735>.
- 34 Morallo, Audrey. "Duterte praises Marcos' Martial Law as 'very good,'" May 25, 2017. PhilStar. <https://www.philstar.com/headlines/2017/05/25/1703241/duterte-praises-marcos-martial-law-very-good>
- 35 Martial Law Museum, "Keeping Up with the Marcoses: Money, Fame and Fortune," (n.d.). <https://martiallawmuseum.ph/magalar/keeping-up-with-the-marcoses-money-fame-and-fortune/>
- 36 Martial Law Museum, "From Housewife to President: The Story of Cory Aquino," (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/magalar/from-housewife-to-president-the-story-of-cory-aquino/>
- 37 Human Rights Victims Reparation and Recognition Act of 2013, Republic Act No. 10368, [February 25, 2013].
- 38 Amnesty International. "Report of an AI Mission to the Republic of the Philippines 1975."
- 39 Rappler. "On 48th Martial Law anniversary, Filipinos urged to resist tyranny." September 21, 2020. <https://www.rappler.com/nation/martial-law-anniversary-opposition-statements-september-21-2020/>
- 40 CNN Philippines. "Bongbong Marcos not sorry for father's reign: 'I can only apologize for what I have done.'" October 7, 2021. <https://www.cnnphilippines.com/news/2021/10/7/Marcos-not-sorry-father-dictator-martial-law-crimes-.html>
- 41 G.R. Nos. 225973, 225984, 226097, 226116, 226117, 226120 & 226294, [November 8, 2016], 798 Phil. 227 (2016).
- 42 Ibid.
- 43 Pangalangan, R. L. A., Fernandez, G. B., & Tugade, R. R. L. 2018. "Marcosian Atrocities: Historical Revisionism and the Legal Constraints on Forgetting," Asia-Pacific Journal on Human Rights and the Law, 19(2), pp. 140-190.
- 44 Nodalo, Tristan. "Keeping the EDSA People Power spirit alive," February 23, 2022, CNN Philippines. <https://www.cnnphilippines.com/news/2022/2/23/Keeping-the-EDSA-People-Power-spirit-alive.html>
- 45 Adel, Rosette. "LIST: Rallies on 45th anniversary of martial law declaration." September 21, 2017. PhilStar. <https://www.philstar.com/headlines/2017/09/21/1741318/list-rallies-45th-anniversary-martial-law-declaration>
- 46 National Historical Commission of the Philippines. "PEOPLE POWER of 1986: A NATIONWIDE PHENOMENON." February 24, 2022. <https://nhcp.gov.ph/people-power-of-1986-a-nationwide-phenomenon/>
- 47 The Official Gazette of the Philippines. "Schedule of activities for the EDSA People Power 30th anniversary." February 17, 2016. <https://www.officialgazette.gov.ph/2016/02/17/schedule-activities-edsa30/>
- 48 DILG Memorandum Circular No. 2022-012. "Celebration of the 36th Anniversary of EDSA People Power Revolution." February 8, 2022. https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/memo_circulars/dilg-memocircular-202228_02984161a8.pdf
- 49 "Bantayog ng mga Bayani in QC: Remembering the Martyrs and Heroes of Martial Law." September 08, 2019, Primer. <https://primer.com.ph/travel/2019/09/08/bantayog-ng-mga-bayani-in-qc-remembering-the-martyrs-and-heroes-of-martial-law/>
- 50 Madarang, Rhea Claire. "This place in Metro Manila takes you on a gripping Martial Law tour." September 21, 2016, Rappler. <https://www.rappler.com/life-and-style/travel/146918-martial-law-tour-bantayog-ng-mga-bayani/>
- 51 CNN. "'Keep the memory alive': Groups, schools protest on martial law anniversary", September 21, 2021. <https://www.cnnphilippines.com/news/2021/9/21/Martial-law-anniversary-2021-protests.html>
- 52 Bolledo, Jairo. "Police block protesters during Martial Law anniversary demonstration," September 21, 2021, Rappler. <https://www.rappler.com/nation/police-block-protesters-martial-law-anniversary-demonstration-september-2021/>
- 53 Mendoza, Diana G. "Never again, never forget: Filipinos stage massive protests on martial law anniversary." October 4, 2017, The Pacific Island Times. <https://www.pacificislandtimes.com/post/2017/10/04/never-again-never-forget-filipinos-stage-massive-protests-on-martial-law-anniversary>
- 54 Famatigan, Mark. "Thousands commemorate People Power in EDSA." Feb 26, 2022, Yahoo! Philippines. <https://ph.news.yahoo.com/4000-commemorate-people-power-revolution-in-edsa-210012504>.
- 55 Rappler. "LIST: Protests, activities to commemorate 36th People Power anniversary." February 23, 2022. <https://www.rappler.com/moveph/list-protests-activities-commemoration-edsa-people-power-anniversary-2022/>
- 56 Martial Law Museum. About. (n.d.) <https://martiallawmuseum.ph/about/>
- 57 Ibid.
- 58 Jesmin, Raisha. "The Age Of Disinformation: How Online Media Propelled The Son Of A Former Dictator To Power In The Philippines And What It Means For Democracy." May 27, 2022. Human Rights Pulse. <https://www.humanrightspulse.com/mastercontentblog/the-age-of-disinformation-how-online-media-propelled-the-son-of-a-former-dictator-to-power-in-the-philippines-and-what-it-means-for-democracy>
- 59 Reyes, Portia L. "Claiming History: Memoirs of the Struggle against Ferdinand Marcos's Martial Law Regime in the Philippines." Sojourn: Journal of Social Issues in Southeast Asia, 33(2), 2018, pp. 457-98. JSTOR, <https://www.jstor.org/stable/26538540>.
- 60 Rogers, Richard, and Niederer, Sabine. "The Politics of Social Media Manipulation." The Politics of Social Media Manipulation, edited by Richard Rogers and Sabine Niederer, Amsterdam University Press, 2020, pp. 19-70. JSTOR, <https://doi.org/10.2307/j.ctv1b0fvs5.3>, on how to effectively combat disinformation in social media.
- 61 Licsi, Ayie. "Should we commemorate martial law on Sept. 21 or 23?" September 22, 2021. The Philippine Star. <https://philstarlife.com/news-and-views/179012-martial-law-anniversary-date>
- 62 CNN Philippines. "Bongbong Marcos not sorry for father's reign: 'I can only apologize for what I have done'".
- 63 Hollinger, Jordan. "Trump, social media and the first Twitter-based Presidency" July 5, 2018. diggit magazine. <https://www.diggitmagazine.com/articles/Trump-Twitter-Based-Presidency>
- 64 Bright, Martin. "The dangers of 'red tagging' and other lessons from the Philippines, Index of Censorship." June 28, 2022. Index on Censorship. <https://www.indexoncensorship.org/2022/06/the-dangers-of-red-tagging-and-other-lessons-from-the-philippines/>
- 65 Olan, Femi, et al. "Fake news on Social Media: the Impact on Society". Information Systems Frontiers. 2022. <https://doi.org/10.1007/s10796-022-10242-z>
- 66 Malisig, Jenna. "How some of the country's top universities are commemorating Martial Law anniversary," September 21, 2020. InterAksyon. <https://interaksyon.philstar.com/trends-spotlights/2020/09/21/177266/how-some-of-the-country-top-universities-commemorating-martial-law-to-counter-revisionism/>
- 67 Ibid.



GIJTR

Global Initiative for Justice
Truth & Reconciliation